ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg. 13
Hulyo 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## Mga opensiba sa Bicol, Samar at SMR

NAGDULOT NG 34 na kaswalti sa kaaway ang limang taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bicol, Samar at Southern Mindanao.

Hulyo 1, ala-una ng hapon, inambus ng mga pwersa ng Front 20 at Front 22 ng BHB-Southern Mindanao, ang tropa ng 25th IB sa Sityo Upper Buay, Baylo, Monkayo, Compostela Valley. Pito ang patay na sundalo at dalawa ang sugatan. Nakasasam ang BHB ng isang ripleng R4, mga bala at pitong pak ng militar.

Inambus ng isang platun ng BHB-Nothern Samar (Rodante Urtal Command) sa pagitan ng mga barangay ng Polangi at Somoge, Catarman, Northern Samar ang mga tropa ng 20th IB noong Hunyo 20, alas-9 ng gabi. Pinasabugan ng *command-detonated explosive* at pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalong lulan ng sasakyan. Dalawa ang napatay at pito ang nasugatan sa kaaway. Samantala, nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng isang .45 sa itinayong tsekpoynt malapit sa ambus.

Noong Hunyo 21, ala-una ng madaling araw, sinalakay ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng BHB-Camarines Norte (Armando Catapia Command) ang *patrol base* ng 902nd Infantry Brigade sa Barangay Dumagmang, Labo, Camarines Norte. Sa labanang tumagal ng tatlong oras at 40 minuto, isa ang napatay at apat

"Mga opensiba...," sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Mariing labanan ang mga kontra-nasyunal at kontra-mamamayang patakaran ng rehimeng Duterte

Sasalubungin ng malalakas na protestang bayan at malalaking pagkilos ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod, katutubo, mamamayang Moro at iba pang demokratikong uri ang pangalawang SONA (*state of the nation address* o talumpati sa kalagayan ng bansa) ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP sa Hulyo 24.

Kumukulo ang natipong galit ng malawak na sambayanan sa isang mapagkunwaring rehimen na tumalikod sa kanyang mga pangako at malinaw na tumutungo sa pagiging kontra-mamamayan, lantay pasista, at sunud-sunuran sa US. Hindi gumiginhawang pamumuhay at lumalalang panunupil: ito ang tunay na kalagayan ng bansa.

Kailangang bigyang direksyon ng mga rebolusyonaryong pwersa ang galit ng mamamayan para sa paggiit ng interes ng bayan at pagsingil sa rehimeng Duterte. Bigkisin sila sa isang malapad na alyansa ng mga

manggagawa, magsasaka, mga katutubo, mamamayang Moro at sa iba pang sektor ng lipunan tulad ng mga personahe at taong-simbahan, mga nasa akademya, masmidya, iba pang propesyunal at mga negosyanteng makabayan.

**Ipaglaban ang mga batayang kagalingan at karapatan ng masang anakpawis.** Dapat lamang na igiit ng mga manggagawa ang pagwawakas sa kontraktwalisasyon, pagkakaroon ng matino at tiyak na trabaho, pagtaas ng sahod, kaligtasan sa lugar ng paggawa, at pagtigil sa patakaran ng pag-eksport ng paggawa. Dapat ding itulak ng mga magsasaka ang kahingian sa lupang sakahan at ng maralitang lunsod sa disenteng trabaho't pabahay. Dapat ding igiit ng mga katutubo ang katiyakan sa kanilang lupang ninuno at karapatan sa sariling pagpapasya laban sa mga proyektong ineengganyo ni Duterte na maramihang magtataboy sa kanila mula sa lupa. Igiit ang pagkilala at paggalang sa karapatan sa sariling-pagpapasya ng mamamayang Moro.

Sa ilalim ng kanyang makadayuhang neoliberal na 10-puntong programang sosyo-ekonomiko, lalong lumalala ang dominasyon ng imperyalismong US at lokal na naghaharing malalaking kumprador, asendero at burukratang kapitalista sa lipunang Pilipino.

Anumang natamasang pakinabang ng mamamayan nitong nakaraang taon ay bunga pangunahin ng kanilang mga pakikibaka at suporta ng mga progresibo sa loob at labas ng gubyernong Duterte. Ang mga kontraktwal na manggagawa ay naging regular dahil sa kanilang mga welga o sama-samang pagkilos at pakikibaka ng unyon sa *collective bargaining.* Nagkaroon ng bahay ang mga maralitang lunsod sa sama-samang okupasyon sa nakatiwangwang at nabubulok nang pabahay sa Bulacan. Maging ang ilang bahagi ng mga asyenda at plantasyong napakinabangan ng mga magsasaka ay napasok nila sa pamamagitan ng ngipin-sa-ngiping laban kahit ang mga ito ay itinakda na ng batas para sa kanila.

**Kundenahin ang pamamahalang kamay-na-bakal at ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan laban sa panunupil**. Dapat isigaw ang pagtigil sa todo-gera ng Oplan Kapayapaan na nagwawasiwas ng pasistang karahasan laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa kanayunan. Igiit ang pag-aalis ng batas militar sa Mindanao, pagtigil sa pambobomba sa Marawi at mabangis na pagsugpo sa pakikibakang Moro para sa sariling-pagpapasya. Singilin ang gubyerno ng hustisya para sa mga biktima ng karahasan ng AFP at PNP at danyos sa napinsalang mamamayan at kanilang mga ari-arian dulot ng pambobomba at pandarahas ng AFP sa Marawi at iba pang bahagi ng Mindanao.

Dapat kundenahin ang lansakang paglabag sa mga karapatang-tao at sibil at pagsira ng GRP sa usapang pangkapayapaan sa NDFP. Ilantad at labanan ang madugong gera kontra-droga. Higit sa lahat, labanan ang nagbabadyang banta ng paghaharing militar sa buong Pilipinas.

Nagbigay ng puwang ang rebolusyonaryong kilusan upang patunayan ni Duterte ang mabuting intensyon sa isang di-pormal na alyansa para sa kapayapaan at kaunlaran ng bayan, batay sa halos tatlong dekadang pakikipagkaibigan niya sa rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao noong alkalde pa siya ng Davao City.

Seryoso ang rebolusyonaryong kilusan na nakikipag-usapang pangkapayapaan. Nagpakita ito ng kabutihang-loob nang pinalawig hanggang anim na buwan ang pansamantalang unilateral na tigil-putukan (Agosto 2016–Pebrero 2017), ang pinakamatagal sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan. Subalit pinatutunayan ng apat na *round* ng usapang pangkapayapaan na interesado lamang ang GRP sa pagsuko ng BHB sa pamamagitan ng pagpilit ng kasunduang *bilateral ceasefire* at hindi sa paglutas sa ugat at mga dahilan ng gera sibil sa Pilipinas.

Ang pagpapailalim ng buong


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 13 | Hulyo 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcinfo

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman



| | |
|---|---|
| **Editoryal**: Mariing labanan ang mga kontra-nasyunal at kontra-mamamayang patakaran ni Duterte | 1 |
| Mga opensiba sa Bicol, Samar at SMR | 1 |
| Nasaan ang pagbabago? | 4 |
| Protesta sa Fil-Am Friendship Day | 4 |
| Interbensyong US, pinatindi ng ML | 5 |
| Lumang pulitika sa panahon ni Duterte | 6 |
| Pamumuhunan sa presidente | 7 |
| Batas militar, pinagtibay ng korte | 8 |
| *Peacetalks*, tinatapos na ng GRP | 9 |
| Mga karapatan ng Moro, nilalabag | 10 |
| Mga paglabag, tumitindi | 11 |
| Pamamayani ng monopolyo sa lupa | 12 |
| Bungkalan ng mga magsasaka | 13 |
| Pangwawasak ng US sa Syria | 14 |



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Editoryal...," mula pahina 2

Mindanao sa batas militar at ang nauna pang deklarasyon ng todo-gera laban sa mga rebolusyonaryong pwersa kasabay ng pagpapaganit sa usapang pangkapayapaan ay maliwanag na indikasyon ng pagiging sunud-sunuran ng gubyernong Duterte sa imperyalismong US. Ginagamit ng AFP ang batas militar sa Mindanao upang lalong makabwelo ang mabangis na todo-gera" at "pagpatag ng bundok" ni Duterte laban sa rebolusyonaryong pwersa sa Mindanao at palawakin ito sa Visayas at Luzon. Tunay na target ng batas militar na ito ang lumalakas na rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang muling sumiklab na armadong pakikibakang Moro para sa sariling pagpapasya.




Hibang ang madugong kampanyang kontra-droga ni Duterte. Tumatarget ito sa karaniwang gumagamit at nagtutulak ng droga habang libre ang malalaking *druglord* at utak ng mga sindikatong kriminal na nasa AFP-PNP at burukrasya. Tampok din ang paggamit ng terorismo ng estado laban sa ligal na demokratikong kilusan at mga rebolusyonaryo at ibang mga ligal na oposisyon.

Kasabay ng malawakang hayag na pagkilos laban sa tumitinding panunupil, dapat paigtingin ang armadong pakikibaka upang ipagtanggol ang rebolusyonaryong pwersa at mamamayan laban sa batas militar at pasismo. Dapat magsagawa ng mga taktikal na opensiba ang BHB sa buong bansa at higit na palakasin ang Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan.

**Singilin si Duterte sa kanyang mga buladas ng nagsasariling patakarang panlabas**. Igiit ang kagyat na pagbabasura sa Enhanced Defense Cooperation Agreement at iba pang di-pantay na kasunduang militar.

Ang mga anti-US na pambobola ni Duterte ay nakatuon lamang sa pagpapalawak ng mapagkukunan ng utang at armas sa China at Russia at hindi sa paglansag sa dominasyon ng US sa bansa. Wala ni isa sa mga di-pantay ng tratado sa US ang pinawi ni Duterte. Nananatili sa lupa ng Pilipinas ang tropang militar nito. Tuluy-tuloy nilang itinatayo ang di-kukulangin sa anim na pasilidad-militar sa loob ng mga kampo ng AFP, inilulunsad ang 257 pagsasanay militar at nagpapalayag ng mga barko de gera ng US sa karagatan ng Pilipinas sa patuloy na pagmilitarisa sa South China Sea.

Pinahintulutan ni Duterte ang paglipad ng mga *spy drone* at P3-Orion *spy aircraft* ng US para sa elektronikong sarbeylans, pag-ipon ng mga impormasyong paniktik, at pagsuporta sa operasyong kombat ng AFP, laluna sa Marawi. Nakabuslo ngayon ang kanyang gerang "kontra-terorismo" sa pandaigdigang gera laban sa terorismo ng US. Sa gayon, lalong bumubwelo ang pakikialam ng US sa mga panloob na usapin sa bansa. Nagiging kasapakat siya ng say-ops ng US sa pagpaypay ng Islamophobia, gerang relihiyon at multo ng ISIS sa Pilipinas. Naitutulak at naihuhulma ng US sa kanyang gusto ang paghahilig ni Duterte sa paghaharing kamay-na-bakal.

Higit na pinalulubha ni Duterte ang panlipunang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema ng Pilipinas. Sa malao't madali ay sisiklab ang krisis pampulitika. Sa gitna ng nagpapatuloy na paglubha ng krisis sa lipunan at ekonomya ng Pilipinas at ng matagal nang depresyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista, walang ibang masusulingan ang mamamayan kundi ang makibaka at isulong ang kanilang pambansa-demokratikong adhikain at ang maglunsad ng papalakas na mga pakikibakang masa. AB

---

"Mga opensiba...," mula sa pahina 1

ang sugatan sa hanay ng AFP, habang walang kaswalti sa panig ng BHB. Isang K3 *machine gun* ang nasamsam mula sa AFP.

Sa araw ding iyon, bandang alas-6 ng umaga, pinasabugan ng *command-detonated explosive* ang dalawang trak na may lulang di bababa sa 15 sundalo na magreresponde sa Barangay Dumagmang. Isinagawa ang demolisyon sa distansyang 400 metro mula sa detatsment ng 9th IB sa Barangay Mahawan-hawan, Labo.

Sa palitan ng putok, napatay si Corporal Rey Lota at apat na sundalo ang nasugatan. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

Noong Hunyo 22 naman, bandang alas-11 ng gabi, pinasabugan ng BHB-West Camarines Sur (Norben Gruta Command) ang dumaraang trak ng mga tropa ng 92nd Division Reconnaissance Company sa Sityo Castilla, Barangay Napolidan, Lupi, Camarines Sur. Napatay sa pagsabog na ito ang CAFGU na si Hilario Caña, habang lima sa kanila ang sugatan. Ang nasabing trak ay may lulan na isang seksyon na reresponde rin sana sa nangyaring opensiba sa naunang araw.

Samantala, sinabi ni Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bicol, na "hinugot sa hangin ang napabalitang engkwentro sa pagitan ng dalawang tropa ng BHB-Bicol sa pagitan ng mga barangay Hanopol at San Roque, Caramoan noong Hulyo 1, ng alas-7:30 ng gabi."

"Walang naganap na labanan at walang presensya ng BHB sa naturang lugar sa panahong nabanggit. Ginagamit lamang ng militar ang pekeng balitang ito upang manggulo sa mga komunidad ng Caramoan at malayang makapanggalugad sa kanayunan nito," dagdag pa ni Banua. AB

# Sa unang taon ni Duterte, nasaan ang pagbabago?




DALA ANG PANAWAGANG ipatupad ang pangakong pagbabago, nagmartsa ang daan-daang myembro ng mga progresibong grupo sa Mendiola, Maynila noong Hunyo 30, kasabay sa unang taong anibersaryo ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP. Kaiba sa nakaraang taon na positibo at malaki ang inaasahan kay Duterte na nagpakilalang "sosyalista" at "unang Kaliwang presidente," dismayado ang iba't ibang sektor sa kanyang kabiguang isakatuparan ang kanyang mga pangako.

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang pagkilos. Anito, mayorya sa nagawa ni Duterte ay negatibo, kontra-mamamayan at hindi makabayan. Tinukoy ng mga raliyista ang mga patakaran at kasalukuyang kalagayan ng mamamayan na hindi nagbago mula pa noong nakaraang mga administrasyon. Kabilang dito ang mababang sahod, laganap na kontraktwalisasyon, kawalan ng lupa at nabahurang usapang pangkapayapaan. Higit pang pinalala ng batas militar ni Duterte ang paglabag sa karapatang-tao at pang-aabusong militar.

Gamit ang mga *emoticons*, mga kilalang imahe ng bilog at dilaw na mga mukha na naglalarawan ng mga reaksyon, sinuma nito ang pagtugon ng administrasyong Duterte sa mga panawagan ng mamamayan. Kalakhan sa naitala nitong reaksyon sa rehimen ay ang mga mukhang malungkot, takot at galit.

Kabilang sa mga binatikos ng mga nagrali ang pagpulbos ng pambobomba ng AFP sa Marawi City bilang tugon diumano sa pang-aatake ng grupong Maute sa syudad. Sa kasalukuyan, isa nang malawakang krisis ng dislokasyon, gutom, pagkawasak ng mga bahay at kabuhayan ang iniluwal ng pambobomba sa syudad.

Pinuna rin ng mga grupo ang pagtalaga ng 57 dating upisyal militar at pulis sa loob ng kanyang gabinete, kabilang na si Lt. Gen. Eduardo Año na utak sa pagdukot sa aktibistang si Jonas Burgos.

Hindi naiiba si Duterte sa nakaraang rehimen sa pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomya, sa kabila ng pagmamalaki nito sa kanyang nagsasariling patakarang panlabas. Ayon sa IBON Foundation, ang mga patakaran ng rehimen ay "mali, kontra-mamamayan at kontra-kaunlaran." Nagpalaganap ito ng mga kasinungalingan para ilusot ang mga dagdag na buwis na ipantutustos niya sa kanyang engrandeng mga proyektong imprastruktura.

Kinundena rin ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang kawalang-aksyon ni Duterte sa panawagan ng mga manggagawa hinggil sa kontraktwalisasyon, sahod at karapatan ng mga manggagawa.

"Sa ngayon, 24.4 milyong manggagawa pa rin ang biktima ng iba't ibang tipo ng *flexible labor standard* at Endo. Wala pa ring katiting na dagdag sa sahod ng mga manggagawa," ani Elmer Labog, tagapangulo ng KMU.

Ilang araw bago ang pagkilos, naglunsad ng People's Summit ang mga progresibong organisasyon sa Philippine Heart Center, Quezon City noong Hunyo 28 upang tasahin ang unang taon ni Duterte. Sa kanilang pagsuma, wala pang natatamong pagbabago ang mamamayan sa kanyang rehimen.

Nagkaroon din ng mga kilos-protesta sa harap ng Headquarters ng Eastmincom sa Davao City, sa Cabuyao, Laguna at sa Plazoleta Gay, Iloilo. AB

## Protesta sa araw ng Filipino-American Friendship Day

SA ARAW NG Filipino-American Friendship Day noong Hulyo 4, daang myembro ng mga grupong progresibo ang nagmartsa tungong embahada ng US sa Maynila para batikusin ang pakikialam ng US, panunumbalik ng kanilang mga base militar at papalaking presensya ng mga armadong tropa nito sa bansa.

Pinakalitaw na halimbawa ng kanilang pakikialam ang kunwa'y pagtulong ng mga Amerikanong sundalo sa AFP laban sa Dawlah Islamiyah sa Marawi City sa ilalim ng batas militar.

Ayon pa kay Renato Reyes Jr, pangkalahatang kalihim ng Bayan, ang pagtukoy ng US Special Operations Command sa Pilipinas bilang 'priority area' ng kanilang pagsasanay na nakapokus sa pagsupil diumano sa mga teroristang grupo gaya ng Daesh o ISIS.

Ayon sa Bayan, hindi kailanman maaaring maging magkaibigan ang dalawang bansa lalo't makaisang panig at mapang-abuso ang relasyon nito. Sa mahabang panahon, ipinailalim ng US ang Pilipinas sa serye ng digma, kolonisasyon at paglabag sa soberanya.

Bukod pa sa presensya ng pwersang militar sa bansa, ani Reyes, ang pakikialam at impluwensya ng US ay higit na nakaaapekto sa lokal na pulitika, kultura at ekonomya.

Sa kabila ng kanyang mga kontra-US na pahayag, bigo ang rehimeng Duterte na ipakita sa konkretong mga patakaran at sa halip mas niyakap pa ang imperyalismong US sa pamamagitan ng pagtupad ng kontra-insurhensyang patakaran nitong Oplan Kapayapaan, pagbibigay laya sa US na magtayo ng mga base militar sa pamamagitan ng EDCA at pagdeklara ng batas militar.

Matapos ang programa, nagmartsa ang iba't ibang sektor sa Korte Suprema upang ipahayag ang kanilang pagkadismaya sa desisyon ng korte pabor sa batas militar. AB

# Interbensyong US, pinatindi ng batas militar

Pasok na pasok sa buslo ng interbensyunistang linya ng pandaigdigang "gera kontra-terorismo" ng US ang batas militar at "gera kontra-ISIS" ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP. Inilatag nito ang daan para sa mas malalim pang panghihimasok ng US sa mga panloob na usapin sa bansa.



Noon pang nakaraang taon lumikha ng alarma ang US kaugnay ng presensya ng ISIS sa Pilipinas. Anito, ang Pilipinas na diumano ang magiging "sunod na sentro" ng ISIS sa batayan ng isang bidyo kung saan nanawagan ang huli sa lahat ng mga "jihadista" na dumaan sa bansa kapag nahirapang pumasok sa Syria. Pinalaki rin nito ang kunwa'y panunumpa ng lider ng bandidong Abu Sayyaf na si Isnilon Hapilon sa grupo. Karugtong nito, iginiit ng US noong Agosto 2016, sa pamamagitan ni Sen. Joni Ernst, ang pangangailangan na "balikan" at dagdagan ng base militar ang Pilipinas. Isa lamang sa limang lokasyong tinukoy na tatayuan ng base ng US ang nasa Mindanao, gayong pinakamalaki ang presensya nila rito.

Noong Mayo, ilang linggo bago ang pananalakay ng AFP sa Marawi, ipinahayag ng kumander ng Special Operations Command ng US na nananatiling prayoridad para sa interbensyong militar ang Pilipinas. Tinukoy nito bilang prayoridad na target ang ISIS at Al Qaeda at ang mga bansang kinapapalooban ng mga ito bilang mga lugar para sa "pangmatagalang interbensyon." Noong Hunyo, sinabi ng kalihim ng US para sa depensa na "wala sa panahon" ang pag-atras ng *special forces* nito sa bansa noong 2015. Mayorya ng mga tropang Amerikano ay permanenteng nakabase noon sa Zamboanga. Kasabay nito, nagmantine sila ng iba pang tropa sa loob ng iba't ibang kampo ng AFP sa bansa, kabilang ang Camp Ranao na nasa loob ng Marawi.

Pinaniniwalaang ang mga tropang Amerikano na ito ang nagpakana ng pumalpak na operasyon nitong Mayo 23 para likidahin si Hapilon sa operasyong tulad ng nabulilyasong operasyon sa Mamasapano noong 2015. Tulad noon, dinumog ng mga armadong grupo sa lugar ang mga tropa ng AFP na nagresulta sa maramihang pagkamatay ng mga sundalo nito. May ilang saksi na nagsabing "halos naubos" ang lahat ng mga sundalong nakadestino sa syudad sa unang labanan pa lamang. Sa *social media,* lumabas ang mga larawan ng mga grupong Moro na hawak ang ilang tangkeng panggera ng AFP at AFV ng SAF-PNP.

Pero hindi tulad ng Mamasapano kung saan hindi nireinpors ang mga sundalong nagapi, idineklara ni Duterte sa araw ding iyun (alas-10 ng gabi) ang batas militar at binuhusan ng tropa at tangke ang syudad. Ayon sa nakabidyong mensahe ng grupong Maute noong Mayo 24, lampas hatinggabi na dumating ang iba pang armadong grupo sa syudad. Ang pagbubuklod ng mga grupong Moro sa isang "pintakasi" ay isang kalakaran ng pagdadamayan ng iba't ibang angkang Moro para labanan ang isang pwersang itinuturing nitong dayuhan.

Kalkulado at sistematiko ang paglalatag ng operasyong say-ops para lokohin ang publiko, paypayan ang mga kalituhan at bigyang katwiran ang pagtutuluy-tuloy ng gera. Bahagi na ng mga operasyon ng US ang mahigpit na pagkontrol ng daloy ng impormasyon (partikular sa midya) at pagkakalat ng disimpormasyon.

Gayundin, tugmang-tugma sa kontra-Islam at rasistang linya ng US ang puspusang paninira ni Duterte sa grupong Maute para ikundisyon ang isip ng bayan at ipatanggap ang paggamit ng kamay-na-bakal. Upang pagmukhaing demonyo, binansagan ni Duterte ang Maute bilang "ISIS," kahit pa tinanggihan ito noong una ng mga upisyal militar nito. Maging ang mga residente ng Marawi ay nagsasabing sa telebisyon na lamang nila nalaman na "ISIS" diumano ang mga ito. Bago nito, kilala lamang nila ang mga armadong grupo sa Marawi bilang pamilya na may ka-*rido* (lokal na gera ng mga angkan) sa syudad.

Tanda na pangungundisyon ang pangunahing layunin ng pag-ugnay ni Duterte sa Maute sa ISIS ang paglalarawan sa kanila bilang mga naghuhuramentadong "ekstremista" na pumapatay kahit sino at kahit walang dahilan sa kabila ng kawalan ng matibay na pruweba rito. Ilang beses nang napasinungalingan ang mga pekeng balita ng AFP. Kahit ang sinabi ni Duterte noon na pamumugot ng nasabing grupo sa ulo ng hepe ng pulis ay napatunayang purong kasinungali-

ngan. Taliwas sa mga prediksyon ng AFP, buhay pa ang paring bihag ng grupo hanggang sa kasalukuyan.

Paulit-ulit din ang kunwa'y panawagan ni Duterte sa mamamayang Moro laban sa pagpapasok ng "dayuhang ideolohiya" ng grupong Maute. Kopya ito sa linya ng US ng paglikha ng sentimyentong nasyunalista para makahamig ng simpatya sa inilulunsad na gera. Bahagi ng linyang ito ang abot-langit na papuri ni Duterte sa mga sundalong gumagampan ng kanilang "patriyotikong" tungkulin. Naglipana sa tradisyunal na midya ang mga kwento kaugnay ng "kawawang sundalong" napatay at sugatan sa labanan. Dinadakila niya ang gera, habang minamaliit at sinisisi ang mga kaswalting sibilyan.

Kopya rin sa mga taktika ng US ang pamamaraan ng rehimen ng pambobomba at panganganyon ng buu-buong komunidad para wasakin ang pribadong komersyo at pampublikong imprastruktura. *(Tingnan ang artikulo tungkol sa Syria sa pahina 14).* Iiwan nitong naghihingalo ang lugar para mas madaling ipasok ang dayuhang puhunan at kumpanya. Ang ipinadala nitong reinporsment ay mga yunit na pawang sinanay ng mga Amerikano, gamit ang mga armas na gawang US.

Bukas palad na tinanggap ni Duterte ang mga tauhan, *drone* at eroplanong pandigma ng US sa Marawi. Pinangakuan din siya ng US na bebentahan ng dagdag pang gamit, kabilang ang pinakahinahangad niyang mga bombang panghimpapawid.

Naghahabol pa si Duterte na makakuha ng pangmatagalang komitment o ayudang militar mula sa China at Russia matapos siya manikluhod sa mga ito nitong taon. Wala pang ibinungang kongkreto ang kanyang panlilimos sa Russia. Isahang-beses namang "nagregalo" ng armas ang China. AB

# Lumang pulitika sa panahon ni Duterte



Nagpapatuloy sa ilalim ng rehimeng Duterte ang pag-iral ng malapyudal na ekonomya ng Pilipinas. Sa ilalim ng sistemang ito, kontrolado ng malalaking panginoong maylupa ang napakalalawak na lupain at plantasyong nagsasamantala sa lakas ng mga magsasaka upang magluwal ng mga produktong pang-eksport.

Kakumbina nito ang pakikipagkalakalan sa mga kapitalistang dayuhan ng uring burgesyang kumprador na nagsisilbing tagapamagitan ng dayuhang kapital at lokal na rekurso.

Sa batayan ng malapyudal na ekonomya, nanaig ang "malapyudal na pulitika" sa bansa. Ganito ang paglalarawan sa kalagayan ng Pilipinas sa sanaysay na "Ang Malapyudal na Sistemang Pampulitika sa Pilipinas at ang Pambansa-Demokratikong Rebolusyon" ng pampulitikang ekonomista na si Dr. Edberto Villegas. Dito, inuugat ng may-akda ang kasalukuyang sistema ng panggugubyerno sa pag-usbong ng malapyudalismo noong huling bahagi ng kolonyalismong Espanyol.

Gayunpaman, ang imperyalismong US na ang humubog sa paghahari ngayon sa pulitika ng mga burukrata kapitalistang kumakatawan sa kanilang interes, kasabay ng mga interes ng burgesyang kumprador at panginoong maylupa. Matapos kumpiskahin ng mga rebolusyonaryong Pilipino ang malalawak na lupain mula sa mga ordeng relihiyoso noong maagang bahagi ng siglo 20, binaligtad ito ng mga mananakop na Amerikano at ipinagbili sa mayayamang pamilyang Kastila kabilang ang mga Elizalde, Ortigas, Ayala, Aboitiz at iba pa. Nabili rin ng mayayamang pamilyang Chinese (mga Ledesma, Lopez, Tuason at Osmeña) ang mga asyenda ng tubo.

Ang mayayamang pamilya na naging kasosyo ng mga Amerikanong kapitalista ang siyang pinagkatiwalaan ng US upang mamahala sa panggugubyerno. Pawang nagmumula sa mga pamilyang kumprador at panginoong maylupa ang naging matataas na upisyal ng bansa (mga Roxas, Osmeña, Laurel, Lopez at iba pa). Kaiba sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol kung saan limitado lamang sa mga pusisyon sa munisipalidad ang ibinibigay sa mayayamang lokal na pamilya, sinanay ng US ang mga pampulitikang kinatawan ng mga pamilyang ito para sa mga pusisyon hanggang sa pambansang antas.

Nagpadala ng mga pensyonado simula noong 1903 upang mag-aral sa US ng pamamaraan sa panggugubyerno at pamamahala sa iba't ibang larangan ng lipunan ayon sa gusto ng kolonyalista. Nagmula sa buwis na kinukolekta ng kolonyal na gubyernong US ang ipinangtustos sa pag-aaral ng mga anak ng mayayamang pamilya mula sa mga prubinsya. Pagbalik sa bansa, ipinahawak sa kanila ang mga susing

pusisyon sa mga sektor ng agrikultura, edukasyon, negosyo at iba pa.

Naging sanayan din ng mga hinuhubog na upisyal, mula presidente hanggang sa mga lokal na kinatawan, ang gubyernong Komonwelt bilang transisyon tungo sa pagiging ganap na malakolonya ng US. Sa pamamagitan ng paghikayat sa iba't ibang partido pulitikal, tinangkang papaniwalain ng US at lokal na mga naghaharing uri ang mamamayan sa ilusyon ng demokratikong eleksyon. Gayunpaman, alinmang pangkat ang lumabas, nananatili ang mga uring nasa kapangyarihan.

Ipinataw ng US ang kanilang sistema ng "demokrasya" sa Pilipinas nang hindi binabaklas ang mapagsamantalang pyudal na istruktura, dahil nagsisilbi ito sa pagtitiyak ng mga murang produktong pang-agrikultura tungo sa US. Sa kabilang banda, ginagamit ng mga nakapwesto ang makinarya ng gubyerno, mga binuo nilang batas at iba pang rekurso upang lalupang magpayaman at panatilihin ang kanilang mga pamilya sa kapangyarihan.

Samu't saring pakinabang ang tinatamasa ng malalaking burgesyang kumprador at burukratang kapitalista sa pamumuhunan sa pulitika.

Higit pa sa pagpapalakas sa kanilang pamilya at kauri, ang imperyalismong US ang pangunahing nakikinabang sa pagpwesto ng mga burukratang kapitalista sa kapangyarihan. Halimbawa, liban sa pagbibigay ng kaluwagan sa mga lokal na gubyerno na maningil ng kanilang sariling buwis, itinatakda ng Local Government Code ang pagbabawas ng subsidyo sa mga lokal na gubyerno mula sa pambansang pananalapi. Itinulak ng World Bank ang pagsasabatas nito noong 1991 upang matiyak na makakapag-ipon ang gubyerno ng pambayad-utang sa World Bank.

Ang pag-iral ng warlordismo sa maraming prubinsya ng Pilipinas, ayon pa kay Dr. Villegas, ay katangian din ng ekonomyang nakabatay sa pyudal na pag-aari ng lupa. Nasasalamin ito sa pulitika sa bansa, kung saan binubuo ng mga pampulitikang angkan ang kani-kanilang mga armadong grupo upang puksain ang kanilang mga kalaban. Gayundin, nagsisilbing sariling armadong grupo ng naghaharing mga angkan ang militar at pulis laban sa kanilang mga karibal sa pulitika.

Umusbong ang bagong mga pampulitikang angkan, kabilang na ang angkang Duterte mula 1960. Patuloy na humahawak ng kapangyarihan sa gubyerno ang mga angkang ito, kabilang ang mga Abad (Batanes), Abaya (Cavite), Villar (Las Piñas), Dy (Isabela), Alonto (Lanao del Sur), Angara (Aurora), Ejercito-Estrada (Laguna at San Juan), Pimentel (Cagayan de Oro), Marcos (Ilocos Norte), Binay (Makati), Escudero (Sorsogon) at Zubiri (Bukidnon). Sa kasalukuyang bilang ng mga mambabatas, 56% ng Senado at 74% ng Kongreso ang mula sa mga pampulitikang angkan.

Para sa mamamayan, ang paglakas ng rebolusyonaryong kilusan ang nagbibigay sa kanila ng pag-asang madudurog sa kalaunan ang pampulitikang kapangyarihan ng mga angkang ito kapwa sa kanayunan at mga lungsod. Habang umiiral ang malakolonyal na gubyernong itinayo ng US, itinatatag din ng mamamayan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika na tunay na kumakatawan sa uring anakpawis at nagsusulong ng kanilang interes.

## Pamumuhunan sa presidente



BURUKRATA-KAPITALISTA ANG pamilyang Duterte. Umangat ito sa pusisyon sa estado sa tulong at suporta ng malalaking lokal na negosyante. Ipinagpapatuloy nina Sara at Paolo Duterte, kasalukuyang meyor at bise-meyor ng Davao City, ang burukata-kapitalistang gawi ng kanilang angkan. Konektado ang mga ito at ipinagtatanggol ang interes ng mga dayuhang negosyante sa syudad.

Galing sa angkan ng mga pulitiko na nakinabang sa diktadurang Marcos si Rodrigo Duterte. Ang ama niyang si Vicente, isang masugid na tagasuporta ng diktadura, ay itinalaga bilang Secretary for General Services sa unang termino ni Marcos. Bago nito, naging alkalde ang nakatatandang Duterte ng Danao, Cebu. Naging gubernador siya ng Davao mula 1959 hanggang 1965. Ang mga kamag-anak naman nila na nakabase sa Cebu ay humawak din ng mga susing pusisyon sa pulitika ng Cebu City noong dekada 1950.

Mula pa noong meyor siya sa Davao, kinatawan ni Duterte ang interes ng malalaking kapitalistang dayuhan at lokal. Nang tumakbo sa pagka-presidente, umaabot sa P335 milyon ang iniulat niyang pondo na ibinigay sa kanya ng malalaking negosyante. Sampu sa kanyang pinakamalalaking tagapondo ay may malalaking interes sa pagmimina.

Kabilang dito si Sen. Alan Peter Cayetano (nagbigay ng P71 milyon), na pinondohan ng mga Zamora ng kumpanyang Nickel Asia. Nitong Mayo, itinalagang kalihim ng Department of Foreign Affairs si Cayetano. Nagbigay din ng P14 milyon ang anak ni Sen. Cynthia Villar sa pamamagitan ng kumpanya sa minang TVI Resources. Bilang gantimpala, itinalagang kalihim ng Department of Public Works and Highways ang anak ni Villar na si Mark. Nasa negosyo ng konstruksyon ang pamilyang Villar at malinaw na may interes sa pagtatayo at pagnenegosyo sa mga pampublikong imprastruktura.

Samantala, nagbigay ng P3 milyong kontribusyon ang kababata ni Duterte na si Carlos Dominguez, ang itinalaga niyang pinuno ng Department of Finance. Isa si Dominguez sa nagmamay-ari ng Sagittarius Mining na namumuhunan sa pagmimina ng tanso at ginto sa

Mindanao. Ang mga bayaw ni Dominguez na magkapatid na Tomas at Nicasio Alcantara, ay may malalaki ring interes sa pagmimina. Nagbigay sila ng P28 milyon sa pondong pang-eleksyon ni Duterte. Isa pang kasosyo ni Dominguez, si Bienvenido Tan, ay nagbigay naman ng P20 milyon.

Isa ring malapit na kaibigan ni Duterte, si Davao del Norte Rep. Pantaleon Alvarez, ang ipinwesto niya na maging House Speaker, at nagpahayag na ng kanyang buu-buong suporta para kay Duterte (maging sa pagpapalawig ng batas militar hanggang 2022). Si Salvador Medialdea naman, ang kasalukuyang Executive Secretary, ay nagbigay ng P1 milyon para sa kanyang kampanya. Itinalaga namang Presidential Adviser for Sports ang negosyanteng si Dennis Uy matapos siyang magbigay ng P30 milyon. Lumawak ang kanyang mga negosyong gasolinahan at serbisyo sa lohistika (2GO) nang manungkulan na si Duterte.

Inaasahan ding papaboran ni Duterte ang mga Floirendo, na nagmamay-ari ng malalawak na plantasyon ng saging sa Davao at pinakamalaking nagtustos sa kanyang kandidatura. Nagbigay si Cong. Antonio Floirendo Jr. ng kabuuang P100 milyon (P75 milyon kay Duterte at P25 milyon para sa partido ni Duterte na PDP-Laban). Noon pang 1998 ay tinustusan na ng mga Floirendo ang pagtakbo ni Duterte bilang meyor ng Davao. Itinalaga ni Duterte ang bayaw ni Floirendo bilang embahador sa United Kingdom.

Matapos ang eleksyon, inamin ni Duterte na nagbigay ng suporta ang mga Marcos. Kapalit nito, isa sa mga unang ipinatupad ni Duterte ay ang pagpapalibing sa dating diktador sa Libingan ng mga Bayani. Agad niya ding binigyan ng kontrol ang mga Marcos sa Philweb, and kumpanya ng gubyerno na nagpapatakbo ng mga *online* na sugal. AB

# Batas militar, pinagtibay ng Korte Suprema

SA BOTONG 11 pabor, tatlong pagpaliban at isang tutol, pinagtibay ng Korte Suprema nitong Hulyo 4 ang batas militar ng rehimeng Duterte at awtoridad ni Duterte na ideklara ito. Hinawan nito ang daan tungo sa pagpapalawig ng kasalukuyang deklarasyon at pagpapasaklaw nito sa buong bansa.



Sa isinapublikong dokumento, sumang-ayon ang Korte Suprema na "rebelyon" nga ang ginawang "pananalakay" ng grupong Maute sa Marawi City noong Mayo 24. Sa gayon, makatwiran ang pagdedeklara ni Duterte ng batas militar at suspensyon niya ng *writ of habeas corpus* sa buong Mindanao. "Ipinagkaloob ng konstitusyon sa presidente ang kapangyarihan na ipailalim ang buong bansa, o mga bahagi nito, sa batas militar," ayon sa Korte Suprema. "Walang konstitusyunal na probisyong nagsasabing dapat nakalimita lamang sa isang partikular na lugar ang batas militar kung mayroong aktwal na armadong pagaaklas." Nakikoro rin ang Korte Suprema sa pahayag ni Duterte na hindi kailangang hintayin na lumaganap sa "bawat sulok ng bansa" ang isang "rebelyon" bago siya magdeklara ng batas militar sa buong bansa. "Tiyak na hindi ganito ang intensyon ng Konstitusyon," dagdag pa ng Korte Suprema. Halos itinutulak na ng Korte Suprema na ideklara ni Duterte ang batas militar sa buong bansa sa desisyong ito.

Puring-puri ng Malacañang ang Korte Suprema. Agad na inilarawan ni Solicitor General Jose Calida ang desisyon nito bilang "pagpapatibay sa tindig ng ehekutibo na tunay ngang umiiral ang rebelyon" at na "may malaki itong panganib sa mamamayan sa buong Mindanao." Tunay ngang "pinagkaisa" ng desisyon ang lahat ng mga sangay ng gubyerno—ang ehekutibong dominado ng mga militarista, ang walang-silbing kongresong sunud-sunuran dito at ang takot na takot na Korte Suprema. Halos isang taon nang pinagbabantaan ni Duterte ang Korte Suprema na sumunod sa kanyang mga gusto, at kung hindi ay isasangkot niya ang mga husgado sa kanyang "gera kontra-droga."

Kasabay nito, lumitaw ang direktiba ng AFP na naglalatag ng mga tungkulin para sugpuin ang "rebelyong komunista, sindikato ng iligal na droga at iba pang lokal na terorista" sa ilalim ng batas militar ng Mindanao. Ibinunyag nito ang dati nang alam ng rebolusyonaryong kilusan na harap-harapang panloloko nina DND Sec. Delfin Lorenzana, ng buong *peace panel* ng GRP sa pamumuno nina Sec. Jesus Dureza at Silvestre Bello, at ni Duterte mismo, ang sinasabing "hindi target" ng batas militar ang BHB. Ginamit pa ito noon na dahilan ng AFP at ng rehimen para ipitin ang *peace panel* ng NDFP at ipagpilitan na iatras ng BHB ang panawagang depensahan ang sarili at ang mamamayan.

Nasa listahan ng AFP Operational Directive 02-17 hindi lamang ang "pagpapahina sa armadong kakayahan ng BHB," kundi pati ang pag-aresto at pagsasampa ng mga kaso sa lahat ng mga personalidad na itinuturing nitong "banta." Sa lenggwahe ng AFP, pumapatungkol ito sa mga aktibista at myembro ng mga pambansa-demokratikong organisasyon. AB

# *Peacetalks,* tinatapos na ng GRP

PATUNGO NA ang usapang pangkapayapaan sa ganap na pagwawakas dito ng rehimeng Duterte. Ito ang obserbasyon ni Jose Maria Sison, punong konsultant sa pulitika ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Tinukoy niya ang sumusunod na dahilan:

1) hindi pagtalima ng rehimen sa pangako nito noong Mayo 16, 2016 na palayain ang lahat ng mga detenidong pulitikal

2) pagtatakda ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ng prekundisyon ng pagsuko ng NDFP sa anyo ng isang matagalan at walang taning na baylateral na tigil-putukan bago pa mabuo ang mga kasunduan sa sustantibong adyenda

3) pagtutuluy-tuloy ng patakarang "all-out war" ng GRP laban sa rebolusyonaryong kilusan mula pa Pebrero

4) ang kontra-BHB na proklamasyon ng batas militar sa buong Mindanao na ngayon ay tiyak nang ipapataw sa buong bansa matapos pagtibayin ng Korte Suprema at buong-buong suportahan ng imperyalismong US.

Ayon pa kay Sison, umiiral na ngayon ang pasistang batas militar na ala-Marcos at mabilis itong sasaklaw sa buong bansa. Lalala pa ito sa pagtatangka ni Duterte na palabasing mga terorista at adik ang mga rebolusyonaryo at sa gayon, wala silang karapatang mabuhay. Dahil dito, tiyak na lalala pa ang mga pambobomba at panganganyon sa mga sibilyang komunidad na pinagdududahan ng AFP na sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Kaugnay nito, pinabulaanan ni Sison, ang mga pahayag ni Sec. Silvestre Bello, pinuno ng GRP panel, na nakatakdang idaos ang panlimang round ng usapan sa Japan sa darating na Agosto. Aniya, wala pang kaisahan tungkol dito at sa halip, idadaos muna ang mga impormal na usapan para plantsahin ang mga pagkakaiba sa mga borador para sa kasunduan sa mga repormang sosyo-ekonomiko o CASER.

Ayon pa kay Sison, liban sa kawalang interes ng GRP sa sustantibong negosasyong pangkapayapaan, lumalakas ang panawagan ng mamamayan para paigtingin ang digmang bayan laban sa halos tiyak nang pagpapataw ni Duterte ng batas militar sa buong bansa. AB

# Mga karapatan ng mamamayang Moro, nilalabag ni Duterte


BINATIKOS NG iba't ibang grupong Moro noong Hunyo 30 si Pres. Rodrigo Duterte ng GRP sa paglabag sa kanilang mga karapatan sa kanyang walang patumanggang pambobomba sa Marawi para resolbahin diumano ang "problemang Maute."

Ayon sa Suara Bangsamoro, ang pagharap ni Duterte sa mga problemang ibinunsod ng grupo nang walang konsultasyon sa mga Moro ay labag sa kanilang karapatan sa pagsasarili. Ang pangwawasak nito sa buong syudad ay labag sa kanilang mga karapatang sibil. Labag din dito ang planong pag-oobliga sa mga Moro sa buong bansa na magkaroon ng "Muslim ID."

Bago nito, muling nanawagan sa GRP ang Ranao Ulama Leaders Conference noong Hunyo 22. Hiniling nila na: 1) hayaan silang makipag-usap sa pamunuan ng Dawlah (ng grupong Maute) para kumbinsihin silang boluntaryong lisanin ang *war zone*; 2) makipag-usap kay Duterte para ipaabot sa kanya ang panawagang kagyat na itigil ang pambobomba sa Marawi at alisin na ang batas militar; at 3) kagyat na magpatupad ng "clearing and cleaning operations" para kagyat na makabalik ang mga bakwit sa kanilang mga komunidad. Walang naging tugon dito ang AFP at ang rehimen.

Alinsunod sa pinaliit na mga taya ng AFP, umaabot na sa 40% ng syudad ang nawasak ng mga *aerial bombardment* noong nakaraang buwan. Ayon din sa AFP, umaabot lamang sa 44 na mga sibilyan ang namatay sa kabila ng mga larawan at salaysay ng mga residente kaugnay sa "naglipanang mga bangkay" sa mga kalsada ng syudad. Sa isang barangay na saglit na napasok ng mga upisyal ng Marawi, nagkalat ang mga buto ng tao sa labas ng mga wasak na bahay. "Kinain sila ng mga aso," ayon sa isang upisyal. Sa isa pang barangay, 17 bangkay ang kanilang inabutan. Batid ng mga lokal na upisyal na mas matindi at malala pang larawan ang bubulagta sa kanila oras na matapos ang labanan at makita ang buong pinsala ng pambobomba.

Sa kabilang banda, 351 na diumanong tauhan ng mga



Maute (mula sa orihinal na 50) ang inuulat nitong Hulyo 6 na napatay ng AFP. Liban sa tagapagsalita ng AFP, walang ibang makapagkumpirma na ang mga ito ay mga armadong tauhan.

Sa pagsisikap ng mga ulama, at mga lider at tauhan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), nailigtas ang halos 2,000 sibilyan sa dalawang beses nilang pagpasok sa *war zone.* Taliwas ito sa taya ng AFP na 500 lamang ang naiwan sa syudad. Namagitan ang MILF upang magtigil-putok ang grupong Maute at AFP. Mas marami pa sana silang nailikas kung hindi sila pinahirapan ng AFP at hindi nilabag ng mga sundalo ang mga tigil-putukan.

Mahigit nang 400,000 ang nagbakwit mula sa Marawi at mga karatig bayan. Marami sa kanila ang nasa mga sentro ng ebakwasyon. Marami ang nagkakasakit at nagugutom habang papaubos ang pagkaing ayuda. Nasa 59 na ang namamatay. Nasa 25,000 ang mayroong matinding troma na lumalim na sa depresyon.

Marami sa mga bakwit ang nagpahayag ng pangamba na wala na silang mababalikan sa Marawi. Laganap ang pagnanakaw sa naiwang mga bahay. Hindi iilan ang mga kwento at larawan ng mga bahay na sapilitang pinapasok ng mga sundalo sa kanilang "paghahanap" ng Maute. Ang ilang nangahas na balikan ang kanilang mga ari-arian ay pinahihirapan pa sa mga tsekpoynt at pinagbibintangang magnanakaw.

Lalupang dumarami ang nagrereklamong biktima ng diskriminasyon sa mga 17,494 mga operasyong tsekpoynt sa buong Mindanao. Noong Hunyo 30, isang pamilya ang pinahinto sa isang tsekpoynt sa Sultan Kudarat, Maguindanao dahil lamang sa kanilang apelyidong Maute. Idinetine sila sa Cotabato ng mga tauhan ng 37th IB. Mas marami pa ang dumaranas ng pambabastos, pananakot at pambabanta sa kamay ng naghari-hariang mga sundalo at pulis. AB

Sa ilalim ng batas militar

# Paglabag sa karapatang-tao, lalong tumindi

Lalong tumitindi ang paglabag sa mga karapatang-tao sa ilalim ng batas militar ng rehimeng Duterte. Liban sa Mindanao, laganap ang mga paglabag sa iba't ibang bahagi ng bansa kung saan bumubwelo ang mga pakikibakang magsasaka at sa mga komunidad na pinaghihinalaan ng AFP na sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.



**Surigao del Sur.** Muling nagbakwit noong Hulyo 5 ang mahigit 2,000 katao mula sa siyam na komunidad ng Lianga, matapos ang ilang araw ng matinding harasment ng 75th IB sa kanila. Kasamang nagbakwit ang 200 estudyante at 43 guro ng eskwelahang Alcadev sa Barangay Diatagon. Wala pang isang taon na nakabalik ang mga residente dito mula sa isang taong pagbakwit matapos brutal na patayin ng mga grupong paramilitar ng AFP ang tatlo sa kanilang mga lider. Kasisimula pa lamang ng kanilang mga klase nang muli na naman silang gipitin.

Sa kalapit na Barangay San Miguel, nagpalaganap naman ang mga sundalo ng listahan ng "mga kaaway ng estado" kung saan kasama ang pangalan ng apat na guro ng eskwelahang Lumad.

**Negros Oriental**. Naghasik ng terorismo ang mga elemento ng 79th IB sa mga sityo ng Laos at Agpapataw, Barangay Binobohan sa Guihulngan City matapos makaengkwentro ng mga tropa nito ang isang yunit ng BHB noong Hunyo 30. Noong Hulyo 1, pinagmadali nilang palayasin ang mga residente kahit walang dalang gamit, ninakaw ang kanilang alagang hayop at gamit sa bahay. Idinetine ng mga sundalo ang apat na menor-de-edad (magkakapatid na sina Elizabeth Garde, 17; Jeremy, 11; Ana May, 9; at Angelo, 8) at isinama sa lugar ng engkwentro.

Matapos ang engkwentro, limang residente ang hindi matagpuan ng kanilang mga kababaryo. Ang mga ito ay sina Simplicio Garde at ang kanyang anak na si Teresa Garde at ang mag-asawang Botsoy at Aurillia Cantela at ang kanilang anak na si Jenamae. Nagtangka ang mga kamag-anak ng lima na hanapin sila sa kanilang mga sakahan na malapit sa pinagengkwentruhan pero pinigilan sila ng militar. Sinunog ng mga sundalo ang bahay ng mga Cantela. Ginawa rin nilang baraks ang ibang mga bahay.

**Southern Mindanao.** Arbitraryong idinetine sa isang tsekpoynt sa Lasang, Davao City ang apat na progresibong lider noong gabi ng Hunyo 28. Limang oras na hinawakan ng Task Force Davao si Hanimay Suazo, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-Southern Mindanao Region (SMR) at sina Lito Lao, Pedro Arnado at Jerry Alborme, lahat ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Galing ang apat sa isang aktibidad ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries sa Tagum City nang harangin sila sa tsekpoynt at tinangkang dalhin sa kampo militar. Bandang hatinggabi na sila panakawalan ng mga sundalo.

Noong Hulyo 2, idinetine rin ng mga elemento ng 66th IB ang apat na myembro ng Compostela Farmers Association sa Compostela Valley. Papunta sina Alicia Tindasan, Jhona Rose Baugto, Rolan Segocia at Estanislao Talledo sa isang eskwelahan ng Lumad sa Purok 4B, Barangay Mangayon

nang harangin at arestuhin sila ng walong sundalo. Dinala sila sa Compostela Municipal Police Station, ipinailalim sa interogasyon at sinampahan ng gawa-gawang kaso.

Noong Hunyo 30, siyam na lider at myembro ng Bagkus-Salog, isang organisasyon ng mga Lumad sa Talaingod, ang idinetine ng mga myembro ng Alamara sa Sityo Cabadjan, Barangay Sto. Nino sa Talaingod, Davao del Norte. Papunta ang siyam sa Davao City para dumalo sa pagkilos para sa unang taong anibersaryo ng rehimeng Duterte. Napalaya sila noong Hulyo 1 mula sa Sto. Niño Police Station matapos sila iniligtas ng Karapatan-SMR at Promotion of Church People's Response.

**Southern Tagalog.** Inoperasyon ng mga elemento ng 731st Combat Group ng Philippine Air Force ang Barangay Coral ni Lopez sa Calaca, Batangas nitong Hulyo 6 para itaboy ang mga magsasakang nagbubungkal sa lugar. Binabawi ng mga magsasaka rito ang 70-ektaryang lupa na inagaw sa kanila ng panginoong maylupa na si Louis Lopez sa ilalim ng dating rehimeng US-Aquino.

Bago nito, marahas na binuwag ng mga pribadong *goons* ng panginoong maylupang si Federico Campos III ang kampuhan ng mga magsasaka at mangingisda sa Balakbakan, Laiya Aplaya sa San Juan, Batangas noong Hulyo 3. Pinaputukan nila ang kampuhan na itinirik ng Haligi ng Batangenyong Anakdagat. Tinamaan ang dalawa sa myembro nito at marami ang nasugatan. Pinasok ng mga maton ang kampuhan at itinapon ang mga pagkain ng mga magsasaka. Noong 2014, pinalayas ni Campos ang may 600 magsasaka at mangingisda sa lugar para gawing resort ang lugar.

Sa Quezon, arbitraryong inaresto ng mga tauhan ng PNP si Roldan Tayactac sa kanyang bahay sa Barangay Camflora, San Andres noong Hulyo 4. Walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga pulis, ayon sa asawa ni Tayactac. Isa si Tayactac sa mga tenante ng Hacienda Uy, na kasalukuyang binabawi ngayon ng mga magsasaka. Inakusahan siyang magnanakaw ng niyog sa sarili niyang pinangangalagaang niyugan.

**Panay.** Mahigit 60 katao ang arbitraryong kinasuhan ng PNP kaugnay sa matagumpay na reyd ng BHB-Panay sa istasyon ng pulis sa Maasin, Iloilo noong Hunyo 18. Dalawampu sa mga ito ay pinangalanan, kabilang ang dalawang estudyante ng hayskul sa katabing munisipalidad. Kabilang din sa 20 si Mary Illiych Bocala, anak ni NDFP *consultant* Concha Araneta-Bocala, na nagkataong nakabakasyon sa Pilipinas. Mahigpit na kinundena ng nakababatang Bocala ang pagsama ng kanyang pangalan, gayundin ang paglalabas ng litrato ng kanyang kapatid na babae. Aniya'y ginigipit sila ng PNP dahil kumikilos sa rebolusyonaryong kilusan ang kanilang mga magulang. Nagsampa na ng kontra-asunto laban sa PNP ang magkapatid. AB

# Patuloy na pamamayani ng monopolyo sa lupa

Sa maraming bahagi ng bansa, umiiral ang monopolyo ng iilang pamilya at korporasyon sa malalaking tipak ng lupa. Karamihan sa mga ito ay nasa kaayusang asyenda, isang sistemang ipinamana ng pyudal na paghahari ng kolonyalismong Espanyol. Nakasentro sa mga asyendang ito ang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika ng mga panginoong maylupa. Malalawak na lupain din ang saklaw ng mga plantasyon. Bahagi ito ng baseng sosyal ng imperyalistang paghahari ng US sa bansa.



**Mga asyenda at plantasyon**

Milyun-milyong ektaryang mga lupaing agrikultural ang nakakonsentra pa rin sa kamay ng iilang panginoong maylupa at malalaking korporasyon. Maliban pa ito sa mga lupang publiko na ginagamit ng mga panginoong maylupa o ipinagkakait ng gubyerno sa mga tunay na dapat makinabang dito.

Sa mga tipak na ito, laganap ang matinding pagsasamantala at palagian ang banta ng pagpapalayas, pandarahas at pamamaslang. Malaking bahagi ng mga konsentradong lupang ito ay nakatakdang magpalit-gamit tungong gamit industriyal, residensyal, libangan, pook-panturismo, agribisnes at iba pa.

Ilan sa mga ito ang sumusunod:

**Daguma Range.** Mahigit 350,000 ektarya sa 10 munisipalidad sa South Central Mindanao ang sinasaklaw ng iba't ibang kumpanya ng pamilyang Consunji. Pito rito ang nasa Sultan Kudarat, dalawa sa Maguindanao at isa sa South Cotabato. Matagal nang nananalasa ang

operasyon ng pagtotroso dito. Sakop din dito ang iba't ibang proyekto ng DMCI. Apektado ng pandarambong ng Consunji ang mga Dulangan Manobo, mga setler at mga Moro at kanilang mga lupaing ninuno.

**Fort Magsaysay.** Saklaw ang 48,070 ektarya sa magkanugnog na mga baryo sa Nueva Ecija, Bulacan at Aurora, patuloy itong tinatangkang agawin ng AFP sa mga magsasakang nagbubungkal dito. Noong nakaraang taon, apat na magsasakang nagbubungkalan ang pinaslang. Bahagi sila ng ALMANA 3,100 na nagbuklod para bawiin ang lupa.

**Camp Peralta Military Reservation.** Saklaw ang 33,310 ektarya ng mahigit 20 baryo sa Capiz na lupang ninuno ng mahigit 20,000 Tumandok. Patuloy na tinatangkang palayasin ng 3rd ID ang mga magsasakang katutubo rito at marami nang namatay sa dekada nang pagtatanggol ng mga katutubo sa kanilang lupang ninuno.

**Yulo King Ranch.** Saklaw nito ang 39,238 ektarya sa apat na barangay ng Coron at apat ding barangay ng Busuanga, Palawan. Inagaw ang lupaing ito ng dating diktador Ferdinand Marcos at ibinigay sa kanyang kroni na sina Luis Yulo at Peter Sabido. Hawak ito ngayon ng lokal na pamahalaan.

**Hacienda Looc.** May saklaw na 8,650 ektarya na inaagaw ni Henry Sy upang tayuan ng mga pook libangan, turismo at *real estate*. Sa kasalukuyan, mahigit 10,000 magsasaka at mangingisda ang mapalalayas.

**Clark Green City.** Palalayasin ang mga magsasaka at katutubong Aeta sa 36,000 ektaryang saklaw nito sa mga bayan ng Capas at Bamban, Tarlac at Mabalacat City at Angeles City ng Pampanga. Planong itayo rito ang isang modernong syudad sa pamamagitan ng Public-Private Partnership. Inialok ito ng rehimeng Duterte sa mga kapitalistang Chinese. Plano nitong gawing mga sentrong komersyal ang saklaw na mga asyenda na ngayon ay sakahan at lupaing ninuno ng mga katutubo.

**Hacienda Luisita.** Saklaw nito ang 6,453 ektarya ng lupaing sumasaklaw sa 10 barangay ng Tarlac. Bagamat nagdesisyon na ang Korte Suprema na ibasura ang mapanlinlang na "Stock Distribution Option," nagpapatuloy pa rin ang panloloko, pandarahas at pangangamkam sa lupa ng pamilyang Aquino-Cojuangco.

**Negros.** Kabuuang 5,030 ektarya ng lupa ang saklaw ng Hacienda Balatong, Nieva, Bonifacia, Soledad, Candelaria, Fe, Caridad at Candaguet, San Antonio, Ara-al, Kaiyaman at Adelina. Dito ipinatupad ang mapanlinlang na "corporative scheme" ni Danding Cojuangco o ang panloloko sa mga magsasakang sila umano ay mga kasosyo at magiging milyunaryo. Ipinagyabang ang programang ito ng noo'y rehimeng Estrada.



**Pag-usbong ng sistemang asyenda**

Sa panahon ng mabilis na paglaganap ng kapitalismo sa Europe, unti-unting nabigyan ng bagong hugis ang ekonomya ng Pilipinas sa mga unang bahagi ng ika-19 na siglo. Tumataas noon ang *demand* para sa mga *cash crop* at humihigpit ang ugnay ng mga kapitalistang bayan sa daigdig. Sa harap nito, ipinag-utos ng Spain ang malawakang pagtatanim ng mga produktong katulad ng tabako, tubo, abaka at indigo upang ipagbili sa mga kapitalistang bayan.

Naging kaakit-akit sa mga naghaharing-uri ang pagkamal ng malalawak na lupain. Unti-unting nagpalawak ng pag-aaring lupain ang mga Espanyol, mga korporasyong relihiyoso (partikular ang mga Augustinians, Recolletos, at mga Dominikano), mga peninsulares (Kastilang ipinanganak sa Pilipinas), at mga mestisong Chinese. Napabilis ang konsentrasyon ng mga lupain sa pamamagitan ng mga lupaing kaloob ng hari, pagbili ng mga *royal estate* o *realenga*, ang iba't ibang uri ng pagsasanla at pagbebenta tulad ng *pacto de retroventa,* at pangangamkam gamit ang mga batas sa pag-aari ng lupa.

Para mapiga ang pinakamalaking kita, ipinataw sa loob ng mga asyenda ang matataas na kota sa ani at buwis at tagibang na partehan pabor sa asyendero. Binarat din ang presyo ng mga produkto ng mga magsasaka.

Sa kaayusang asyenda nagsimula ang sistemang "kasamá." Layon nitong pagtakpan ang pagsasamantala sa magsasaka sa paggamit ng salitang "kasama" na kunwa'y katuwang o kasosyo ng asyendero ang magsasaka sa lupa. Kakambal ng mapagsamantalang sistemang ito ang panunupil sa mga tumututol at lumalaban.

Hindi nagbago sa esensya ang relasyong asendero-magsasaka hanggang sa kasalukuyan. Nagbabago lamang ang anyo, pangalan at mga pamamaraan.

Isang halimbawa ng asyendang nagmula pa sa panahon ng mga Espanyol ang Hacienda Luisita. Ipinagkaloob ito ng hari ng Spain sa Compania Tabacalera na sumasaklaw ng lupa sa La Paz, Concepcion, Capas noong 1880. Noon pa man, plantasyon na ito ng tubo. Kasabay na ipinagkaloob rito ang magkatabing Hacienda Isabel at Hacienda San Antonio na bumubuo ng mahigit 11 libong ektarya sa Isabela at tinatamnan ng tabako.

Nagpatuloy ang higit na konsentrasyon o monopolyo sa lupa sa sumunod na panahon ng kolonyalismong US. Tinustusan ng mga Amerikanong bangko sa pamamagitan ng mga sangay nila sa Pilipinas ang kalakalan sa pagbili ng lupa, lalo na ng mayayamang Espanyol at Chinese. Ang mga lupaing ito, pati

na ang malalawak na nyugan at abakahan, ang pangunahing nagsusuplay ng mga produktong agrikultural sa US. Nanumbalik at lumubha ang pagsasamantalang pyudal sa buong kapuluan. Lumaki ang tantos ng mga magsasakang muling naging tenante, mula 18% noong 1903 hanggang 38% noong 1948.

Sa pormal na pagtatapos ng kolonyalismong US, inilipat ang mga lupang kinamkam ng hari o ng US sa kamay ng papet na gubyerno at tinawag na "lupang publiko" at ginawang mga "reserbasyong panggubat o pangmilitar, mga konsesyong trosohan o pastulan. Panahon ito ng malawakang pangangamkam ng lupa na nagtaboy sa libu-libong mga setler at katutubo hanggang maubos ang prontera noong dekada 1960.

ANG MGA ASYENDA ay itinayo upang gawing palabigasan ang mga magsasaka at mapanatili ang paghahari at monopolyo sa lupa ng uring panginoong maylupa simula pa noong ilang daantaon ang nakalipas. Mahalagang sangkap ito ng paghahari ng imperyalismo na siyang nakikinabang sa hinuthot na mga produktong ipinagbibili sa kanya ng panginoong maylupa. Hindi mawawala, bagkus magbabagong anyo lamang ang mga iskema para linlangin ang mga magsasaka na naghahangad na magiging patas o maipapamahagi sa kanila ang lupang kanilang sinasaka. Ang paglaban ng mamamayan ay patuloy na tatapatan ng buong dahas ng reaksyunaryong estado kung hindi na makapanlinlang ang hungkag na mga batas sa reporma sa lupa.

Kahit anupamang anyo ng panlilinlang at panunupil ang iharap ng estado, isa lamang ang tiyak. Ang mapang-aping sistemang ito ay bubuwagin ng lakas ng uring magsasaka sa pakikiisa ng iba pang uring anakpawis. Babawiin nila ang lupang nararapat na kanila. AB

# Bungkalan ng mga magsasaka, nagpapatuloy

TULUY-TULOY ANG MGA kampuhan at protestang magsasaka para bawiin ang kanilang mga lupa mula sa malalaking mang-aagaw at panginoong maylupa nitong nakaraang dalawang linggo.

**Southern Tagalog.** Matagumpay na naitayo ang apat na kampuhan sa Quezon noong Hunyo 30 sa tinaguriang Hacienda Belt sa Bondoc Peninsula. Bahagi ang mga ito ng kampanyang bungkalan at balik-saka na pinangunahan ng PIGLAS-Quezon. Kabilang sa Hacienda Belt ang Hacienda Uy, Hacienda Matias, Hacienda Puyat at Lupang Gancayco. Panawagan nila na libreng ipamahagi ang lupa sa mga magsasaka.

Ang Hacienda Uy ay may 385 ektarya na matatagpuan sa Sityo Marok-Barok, Camflora, San Andres, Quezon. Nakiisa sa kanilang kampuhan ang mga residente at magsasaka ng Hacienda Manuel Uy Ek Liong, gayundin ang mula sa Hacienda Juanito Uy.

Matagumpay ring nabawi ng mga magbubukid ng Hacienda Matias sa Sityo Butangiad, Don Juan Vercelos, San Francisco. Ayon sa Pangkalahatang Samahan ng Magsasakang Tenante sa San Francisco, Quezon, 30 taon nang nagbubungkal ng lupa ang mga tenante ng asyenda. Biktima sila ng huwad na reporma sa lupa at ng Kilusang Magbubukid sa Bondoc Peninsula na kasabwat ng grupong Akbayan na buntot ng Liberal Party.

Nagpiket naman ang mga residente ng Purok 7, Brgy. Poblacion, San Francisco upang tutulan ang nakaambang demolisyon sa kanilang komunidad na pagmamay-ari diumano nila Armida Carabido at Delia S. Rey.

Serye naman ng pandarahas ang dinaranas ng mga magbubukid sa Hacienda Puyal sa Barangay Pacabit, Catanauan, Quezon. Pinagbabawalan sila na magtanim at mag-ani ng kanilang pananim, sinasampaham ng gawa-gawang kaso at pinapalayas sa kanilang lupang sakahan.

Samantala, Hunyo 26, pinasok ng 100 pulis at gwardya ang kampuhan ng mga magsasaka sa mga lupaing inagaw ng pamilyang Almeda sa Barangay 9, Payompon, Mamburao, Occidental Mindoro noong Hunyo 26. Giniba nila ang 20 kubo ng mga magsasaka at katutubo na naninindigang bawiin ang kanilang lupa. Pinalayas sila sa limang ektaryang lupa na nahawan at nataniman na nila.

**Panay.** Sa Iloilo, may mahigit 100 magbubukid at manggagawang bukid ang nagbungkalan nitong taon.

Noong Hunyo 30, inilunsad ng mga magsasaka ang bungkalan sa Sanson Estate sa Sara, Iloilo. Sama-samang nagtanim ang mga magbubukid sa may 7.9 ektaryang lupa na bahagi ng 700 ektaryang lupain ng mga Sanson.

Sa pangunguna ng Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras at Anakpawis, matagumpay na naitanim ng mga magsasaka ang mga saging, kamote at kasaba.

Ani Jerlyn Diane, tagapagsalita ng tsapter ng Anakpawis sa Sara, noong 2016 pa naipamahagi ang lupa sa may 300 benepisyaryo pero napalayas sila dahil wala silang Certificate of Land Ownership na maipakita.

**Isabela.** Tagumpay na natutulan ng mga magsasaka sa Barangay Bagong Sikat, Isabela ang bantang demolisyon sa kanilang komunidad. Ikatlong pagbabanta na ito ng panginoong maylupa na si Aurelia Mapili.

Simula 1978 pa ay nagbabayad na ng upa sa lupa ang mga magbubukid. Hindi ito sinaklaw ng reporma sa lupa at tusong ibinenta nina Clarita Mariano at Sergio Mapili Sr.

*"Bungkalan...," sundan sa pahina 13*

# Pangwawasak ng US sa Syria

Mas marami pang sibilyan kaysa tauhan ng ISIS ang pinatay ng US at mga kaalyado nitong bansa (Australia, Canada, France, Jordan, Saudi Arabia, Turkey at United Arab Emirates) sa kanilang walang patid na pambobomba sa Syria, Iraq at Afghanistan. Inilunsad ng US ang gera kontra ISIS noong kalagitnaan ng 2014 bilang pantabing sa gerang panghihimasok sa Syria na may layuning palitan ang kontra-US na gubyernong al-Bashad na nakapwesto sa poder.


Mga *airstrike* (malawakang pambobomba mula sa himpapawid) ang ginagamit ng mga bansang ito bilang pangunahing paraan ng pakikidigma. Nagdulot ito ng matinding pagkawasak sa buhay, pampubliko at pribadong imprastruktura at kabuhayan ng mamamayan. Mayroon ding sariling gera kontra-ISIS ang Russia.

Sa prubinsya ng Raqqa sa Syria, karamihan sa mga ospital ay nawasak na ng pambobomba. May isang araw noong 2015 na nasira ang *stadium*, museo, mga klinik, ospital at mga opisina ng gubyerno. Nagpapatuloy ang mga ito kahit may 100,000 sibilyan ang naipit sa loob ng syudad.

Sa Mosul, Iraq, humigit-kumulang 900,000 ang nagbakwit sa tindi ng kakulangan ng tubig at pagkain bunsod ng lawak ng pagkawasak dulot ng pambobomba. May mga kasong damo na lamang ang kinakain ng mga tao. Ang Mosul at Raqqa ang itinuturing na kuta ng ISIS.

Mula noong Agosto 2014 hanggang sa kasalukuyan, umaabot na sa 8,000 sibilyan ang namatay sa Iraq at Syria pa lamang. Pinalalabas ng US na 484 lamang ang namatay na sibilyan. Dalawang libo naman ang naitalang biktima ng pambobomba ng Russia sa Syria mula 2015 hanggang unang hati ng 2017. Noong 2015, umabot sa 22,110 bomba ang inihulog ng US at mga kaalyado nito sa Iraq at Syria, 947 sa Afghanistan, 11 sa Pakistan, 58 sa Yemen. Tinatayang 18,000 sibilyan ang posibleng napatay sa mga operasyong ito.

Umaabot sa $20 bilyon kada taon ang gastos ng US sa digmang ito. Sa isang araw, abereyds na $12.5 milyon ang gastos ng isang operasyon. Sa madugong kampanya ng pambobomba na ito, kumita ang Raytheon at Lockheed Martin ng $1.68 bilyon sa pagbebenta ng misayl sa Saudi Arabia sa loob lamang ng isang taon.



Ayon sa CIA, 31,000 ang mandirigma ng ISIS noong 2015, at sa taong ding iyon, napatay na raw nila ang 25,000 rito. Subalit lumaki raw ito tungong 200,000 hanggang ngayong 2017 at 50,000 na raw ang napatay sa pambobomba. Halos 250 na ang pwersa-militar ang namatay dahil sa 'friendly fire'.

Habang ginagawang katwiran ng US ang ISIS bilang target diumano nito, ang totoo'y mga sandata mula sa US ang nag-armas sa ISIS (na dumaan sa pwersang SDF). May $219.7 milyong halaga ng armas na galing sa US ang hawak ng ISIS dulot diumano ng mga 'accidental air-dropping' (maling paghulog) sa teritoryo nito sa halip na sa Syrian Kurd na kabilang sa SDF. Dagdag pa, sa pag-atake sa Mosul, hinayaan ng US na bukas ang daanan pakanluran papuntang Syria para makatakas ang libong myembro ng ISIS para higit na sirain ang estado ng Syria. Maihahalintulad ito sa pagkakabuo ng US sa Al Qaeda noong panahon ni Reagan para labanan ang dating mandirigmang USSR Mujahideen.

Ang gera kontra-terorismo o kontra-ISIS ng US ay kasaysayan ng pagkamatay ng libu-libong mga sibilyan, pagkawasak ng mga tahanan at kabuhayan. Samantalang tila dumadami pa ang ang 'terorista', nabubuhay ang mga napatay na, at walang napaparusahan sa lahat ng krimen na ito. AB

"Bungkalan...," mula sa pahina 13

kay Sergio Mapili Jr.

Ani Exequiel Tubog, lider ng Bagong Sikat Farmers Association, pinaupahan ni Sergio Mapili Jr. ang lupa sa mga magbubukid, kapalit ang isang kabang palay sa lupang tinitirhan. Pataas nang pataas ang singil nito sa upa na mahigpit namang tinutulan ng kanilang grupo. Dahil rito, kinasuhan sila ng *recovery of damages and possession of property* (paniningil ng danyos). Naglabas din ng desisyon ang korte na nagpapahintulot sa pagdemolis sa kanilang mga tahanan.

Tuluy-tuloy ang pagsisikap ng mga magsasaka na tutulan ang demolisyon. Ilang ulit ding nagtayo ng barikada ang mga residente upang pigilan ang pagpapatalsik ng panginoong maylupa na si Mapili at kasabwat niyang mga ahensya ng gubyerno. AB